

Nehemiah

(Nehemiah 1-10)

Noong unang panahon, may isang lalaki na nagngangalang Nehemiah. Siya ay naninirahan sa Persia at may napakahalagang trabaho bilang tagapagdala ng inumin ng Hari Artaxerxes sapagkat sinisiguro niya na ligtas ang inumin ng hari. Isang araw, dumating ang kapatid ni Nehemiah na si Hanani at ilang kalalakihan mula sa Judah na may dalang masamang balita. Sinabi nila na wasak pa ang mga pader ng Jerusalem at



ang mga pintuan ng lunsod ay hindi pa nagagawa mula nang sunugin iyon. Nalungkot si Nehemiah dahil mahal niya ang kanyang bayan. Bagamat hindi lumaki si Nehemiah sa Jerusalem, nais niyang pumunta roon dahil sa malungkot na balita mula sa kanyang kapatid.

Nanalangin si Nehemiah sa Diyos, humihingi ng tulong at gabay. Inamin niya ang mga kasalanan ng mga Israelita at humingi ng tulong sa Diyos na tuparin ang mga pangako nito sa Kanyang bayan. Pagkatapos, lumapit si Nehemiah kay Haring Artaxerxes na may mabigat na puso. Napansin ng hari ang kalungkutan ni Nehemiah at tinanong kung ano ang problema. Ipinaliwanag ni Nehemiah ang sitwasyon sa Jerusalem at humingi ng pahintulot sa hari na pumunta roon upang maipatayo muli ang mga pader. Hindi lamang pumayag ang hari, binigyan pa niya si Nehemiah ng mga liham para sa ligtas na paglalakbay at mga kagamitan para sa proyekto.

Pagdating ni Nehemiah sa Jerusalem, nagpahinga siya ng ilang araw at pagkatapos ay ininspeksyon ang mga pader sa gabi. Hindi niya sinabi sa kahit kanino ang kanyang ginagawa sa simula. Matapos makita ang mga wasak na pader at nasunog na mga pintuan, tinipon ni Nehemiah ang mga tao at sinabi, "Halina't itayo natin muli ang pader ng Jerusalem pagkatapos ay hindi na tayo mapupuno ng kahihyan." Pumayag ang mga tao at nagsimulang magtrabaho.

Habang nagsisimula ang pagpapatayo, nakaharap si Nehemiah at ang mga manggagawa sa pagtutol mula sa kanilang mga kaaway. Sina Sanbalat, Tobiah, at Geshem ay tinutukso at pinagtatawanan sila, sinusubukang pahinain ang loob ng mga manggagawa. Ngunit nanalangin si Nehemiah sa Diyos na bigyan sila ng lakas at pinanatiling motivated ang mga tao. Sinabi

niya sa kanila na magpatuloy sa trabaho at magtiwala sa proteksyon ng Diyos. Ang mga manggagawa ay may hawak na kasangkapan sa isang kamay at sandata sa kabila, handang ipagtanggol ang kanilang sarili kung kinakailangan.

Sa kabila ng mga pagsubok, nagsikap nang husto si Nehemiah at ang mga tao. Sila ay determinado at hindi nagpatalo sa kahit anong hadlang. Sa loob lamang ng 52 na araw, natapos nila ang pader sa paligid ng Jerusalem. Isang kamangha-manghang gawaing nagpakita na sa tulong ng Diyos, magagawa nila ang kahit ano. Ang mga kaaway ay natakot at nawalan ng kumpiyansa dahil naunawaan nilang ang gawaing ito ay nagawa sa tulong ng Diyos.

Matapos maitayo ang pader, nagtuon si Nehemiah sa pagpapalakas ng komunidad. Tumayo siyang gobernador sa loob ng 12 taon at isinaayos ang relasyon at pakikitungo ng mga mayayaman sa mahihirap na kababayan.

Nagtrabaho rin si Nehemiah kasama si Ezra, ang eskriba, upang tulungan ang mga tao na maunawaan at sundin ang mga batas ng Diyos. Binasa nila ang Batas ni Moses sa mga tao, na nakinig nang mabuti at nangakong susundin ang mga utos ng Diyos. Ang lahat ay nagpapasalamat sa Diyos para sa lahat ng Kanyang ginawa para sa kanila.

Si Nehemiah ay isang mahusay na pinuno na nagmamahal sa Diyos at tumulong sa kanyang mga kababayan. Sa tulong ng Diyos, si Nehemiah at ang mga tao sa Jerusalem ay nagawang palakasin at gawing ligtas muli ang kanilang lungsod at muling nanumbalik sa pagsunod sa mga tagubilin ng Diyos.

Ang Diyos ay tumatawag ng mga ordinaryong tao upang gawin ang Kanyang mabubuting gawa na nagdudulot ng lubos na kasiyahan sa Kanya. Pinagpala ng Diyos ang gawain ni Nehemiah bilang tagapanguna sa pagtatayo muli ng pader ng Jerusalem, sa pamumuno bilang gobernador ng bayan at pagtulong kay Ezra na mapaalalahanan muli ang mga tao sa tungkol sa mga batas ng Diyos. Ninanais ng Diyos ang ating pagtitiwala, pagsunod at katapatan.

